Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagsulat ng Tamang Pang-ukol

Kakayahan: Naisusulat ang tamang pang-ukol na bubuo sa diwa ng pangugusap

Isulat sa patlang ang tamang pang-ukol upang mabuo ang pangungusap.

1. Ang aralin natin ngayon ay _____ mga karapatan ng batang Pilipino.
2. _____ diyaryong ito, hindi pa napipili ang bagong papa ng *Vatican*.
3. May tatlong sangay ang pamahalaan _____ ating bansa.
4. _____ kasunduan natin, magbabayad ka ng limangdaang piso para sa pag-arkila ng dyip.
5. Pinasasabi niya na magkita kayo _____ harap ng paaralan bukas nang alas-siyete ng umaga.
6. Nakikinig ka ba sa mga pangaral _____ magulang mo?
7. Kararating pa lamang ni Juan _____ Bikol at may mga pasalubong siya _____ inyo.
8. Ang liham na ito ay _____ Ginang Ledesma. Iiwan ko ito sa ibabaw ng kanyang mesa.
9. Pinag-uusapan ngayon sa Senado ang alegasyon _____ Pangalawang Pangulo Jejomar Binay.
10. Tama ba ang sagot _____ Lorie sa tanong ng guro?
11. _____ karapatang pantao ang ginawang labis pagpapahirap ng mga pulis _____ bilanggo.
12. Pumunta ako sa bahay _____ Martin at Beth sa Las Piñas.
13. Makitungo ka sa iba _____ paggalang upang igalang ka rin nila.
14. _____ *Sin Tax Law* ang pagtaas ng presyo ng sigarilyo at alak.
15. Ang mga reklamo _____ manggagawa ay makakarating kay *boss* sa lalong madaling panahon.

© 2014 Pia Noche

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagsulat ng Tamang Pang-ukol (Mga Sagot)

Kakayahan: Naisusulat ang tamang pang-ukol na bubuo sa diwa ng pangugusap

Isulat sa patlang ang tamang pang-ukol upang mabuo ang pangungusap.

1. Ang aralin natin ngayon ay __tungkol sa[1]__ mga karapatan ng batang Pilipino.
2. __Ayon sa__ diyaryong ito, hindi pa napipili ang bagong papa ng *Vatican*.
3. May tatlong sangay ang pamahalaan __ng__ ating bansa.
4. __Alinsunod sa__ kasunduan natin, magbabayad ka ng limangdaang piso para sa pag-arkila ng dyip.
5. Pinasasabi niya na magkita kayo __sa__ harap ng paaralan bukas nang alas-siyete ng umaga.
6. Nakikinig ka ba sa mga pangaral __ng/ng mga__ magulang mo?
7. Kararating pa lamang ni Juan __mula sa__ Bikol at may mga pasalubong siya __para sa__ inyo.
8. Ang liham na ito ay __para kay__ Ginang Ledesma. Iiwan ko ito sa ibabaw ng kanyang mesa.
9. Pinag-uusapan ngayon sa Senado ang alegasyon __laban kay__ Pangalawang Pangulo Jejomar Binay.
10. Tama ba ang sagot __ni__ Lorie sa tanong ng guro?
11. __Labag sa__ karapatang pantao ang ginawang labis pagpapahirap ng mga pulis __sa/sa mga__ bilanggo.
12. Pumunta ako sa bahay __nina__ Martin at Beth sa Las Piñas.
13. Makitungo ka sa iba __nang may__ paggalang upang igalang ka rin nila.
14. __Alinsunod sa__ *Sin Tax Law* ang pagtaas ng presyo ng sigarilyo at alak.
15. Ang mga reklamo __ng mga__ manggagawa ay makakarating kay *boss* sa lalong madaling panahon.

© 2014 Pia Noche

[1]hinggil sa/ukol sa